CHULA VISTA ELEMENTARY SCHOOL DISTRICT

84 EAST "J" STREET • CHULA VISTA, CALIFORNIA 91910 • 619 425-9600

BAWA'T BATA AY ISANG NAPAKAHALAGANG NILALANG

Pebrero 2011

Mahal na mga Magulang/Tagapag-alaga:

Ang **Assembly Bill 354** ay isang **bagong batas** sa California na nag-uutos sa bawa't pumapasok na mag-aaral sa Baitang-7 hangang -12 na magkaloob ng katibayan ng Tdap booster shot laban sa pertussis bago magsimulang pumasok sa paaralang taong 2011-12. Ang pertussis ay nakakahawa at karaniwang kilalang whooping cough. Lumalaganap ito sa California. **Ang mga paaralan ay hindi papayagang pumasok ang mga mag-aaral sa susunod na taon hanggang sila ay makapagbigay ng katibayang nakakuha ng bakuna laban sa pertussis.**

Ang pangangailangang ito ay:

- Sisimulan sa Hulyo 1, 2011.
- Nakatupad sa pamamagitan ng pagkuha ng isang dose ng bakunang Tdap vaccine sa o makalipas ang ika-10 kaarawan ng mag-aaral.
- Para sa lahat ng paaralang publiko at pribado.
- Hindi kabilang ang mga mag-aaral na pumapasok sa tag-init.

Ang whooping cough ay pinakamabisang maiwasan sa pagkuha ng bakuna. Ang mga batang wala pang 10 taon ay magkakaroon ng mabisang proteksiyon kung sila ay lubos na nabakunahan (limang beses) ng bakunang tinatawag na "DTaP" bago mag-anim na taong gulang. Pinakamabuting proteksiyon ng mga batang higit sa 11 taong gulang at mga matanda kung sila ay kukuha ng Tdap booster vaccine.

Simula sa Hulyo 1, 2012, ang lahat ng mga mag-aaral na pumapasok sa Baitang 7 ay kailangang magkaroon ng katibayan ng Tdap *booster* shot bago magsimulang pumasok. Ang karaniwang palatandaan ng whooping cough sa mga nakakatandang batang at mga matanda ay isang mahina hanggang matinding pag-ubo (kalimitang napakatindi sa gabi) na tumatagal ng maraming linggo. Sa pag-ubo, ikinakalat ng nahawahang tao ang sakit sa iba. Ang mga paslit na sanggol na mahahawahan ng whooping cough ay matinding magkakasakit. Mahahawahan ng mga nahawahang nagkasakit ang mga sanggol na maaaring hindi alam na mayroon silang sakit.

Ang County of San Diego Health and Human Services Agency ay nagbibigay ng bakuna sa kanilang mga klinika. Tawagan ang (866) 358-2966 o tunghayan ang www.sdiz.org (pindutin ang "New Pertussis Information") sa mga lugar ng bakuna at sa karagdagang kaalaman. Ang Kids Care Express Mobile Medical Clinic ay nagbibigay rin ng bakuna sa halagang $10 at palaging dalawin ang mga paaralan ng Distrito. Para sa karagdagang kaalaman at sa buwanang talakdaan, pakiusap na tunghayan ang http://www.cvesd.org/DISTRICT/Pages/MobileMedicalClinic.aspx o tawagan ang (619) 515-2312. Maaaring magtakda ng oras ng pakikipagtagpo subali't hindi kailangan. Ang lahat ng mga pangunahing tanggapan at klinika ng bayan ay nagbibigay rin nitong mga bakuna.

Buong katapatan,

Francisco Escobedo, Ed.D.
Tagapamahala

BOARD OF EDUCATION
DAVID BEJARANO ♦ RUSSELL Y. CORONADO ♦ LARRY CUNNINGHAM ♦ DOUGLAS E. LUFFBOROUGH, III ♦ PAMELA B. SMITH

SUPERINTENDENT
FRANCISCO ESCOBEDO, ED.D.